Republic of the Philippines
BATANGAS CITY

Office of the Sangguniang Panlungsod

Tel. No. 723-2175

ORDINANCE NO. 11 S. 2018

AUTHORIZING THE AUGMENTATION OF APPROPRIATIONS IN VARIOUS OFFICES

SPONSOR	:	**COUN. SERGIE REX M. ATIENZA**
CO-SPONSORS	:	**COUN. ALYSSA RENEE A. CRUZ**
		COUN. ARMANDO C. LAZARTE
		COUN. JULIAN B. VILLENA
		COUN. GERARDO A. DELA ROCA

WHEREAS, Section 336 of the Local Government Code of 1991 states:

SECTION 336. Use of Appropriated Funds and Savings. Funds shall be available exclusively for the specific purpose for which they have been appropriated. No ordinance shall be passed authorizing any transfer of appropriations from one item to another. **However, the local chief executive or the presiding officer of the sanggunian concerned may, by ordinance,** be authorized to augment any item in the approved annual budget for their respective offices from savings in other items within the **same expense class** of their respective appropriations.

WHEREAS, the transfer of appropriations from one item to another is allowed when the purpose of the transfer is to augment any item in the approved annual budget within the same expense class.

NOW THEREFORE, be it ordained by the Sangguniang Panlungsod in session assembled:

SECTION 1. TITLE. This Ordinance shall be called **"Authorizing the Augmentation of Appropriations in Various Offices".**

SECTION 2. AUGMENTATION. The augmentation in various offices was hereby approved and authorized:

A. Office of the City Mayor – Peace and Order Program – 1010

From:	50203010	Office Supplies Expense	Php 346,000.00
	50203990	Other Supplies & Material Expense	200,000.00
			Php 546,000.00
To :	50212030	Security Services	**546,000.00**

Continuation of Ordinance No. 11 S. 2018

AUTHORIZING THE AUGMENTATION OF APPROPRIATIONS IN VARIOUS OFFICES

B. Office of the City Market - 8810

From:	50202010	Traveling Expense - Local	Php	90,000.00
	50213040	RM - Building & Other Structures		600,000.00
			Php	**690,000.00**
To :	50202010	Training Expenses	Php	120,000.00
	50299020	Printing & Publication Expense		250,000.00
	50203990	Other Supplies & Materials Expense		320,000.00
			Php	**690,000.00**

C. Office of the City Mayor - BJMP - 1010

From :	50203050	Food Supplies Expense	Php	500,000.00
To :	50203990	Other Supplies Expenses		300,000.00
	50203090	Fuel, Oil and Lubricants		100,000.00
	50213060	RM - Transportation Equipment		100,000.00
			Php	**500,000.00**

D. Office of the City Engineer - 8750

From:	50201010	Traveling Expenses - Local	Php	150,000.00
To:	50213050	RM - Machinery & Equipment		100,000.00
	50299020	Printing & Publication Expenses		50,000.00
			Php	**150,000.00**

SECTION 3. AUTHORITY. The City Mayor is hereby authorized to sign all documents necessary to effectuate the augmentation.

Continuation of Ordinance No. 11 S. 2018

AUTHORIZING THE AUGMENTATION OF APPROPRIATIONS IN VARIOUS OFFICES

SECTION 4. COMPLIANCE. Compliance to all auditing rules, regulations and circulars issued by COA and the Department of Finance shall be strictly complied with by the Officials concerned.

SECTION 5. SEPARABILITY CLAUSE. If for any reason any part of this Ordinance shall be held unconstitutional or invalid other parts thereof which are not affected thereby shall continue to be in full force and effect.

SECTION 6. EFFECTIVITY. This Ordinance shall take effect upon approval of the City Mayor.

ENACTED by the Sangguniang Panlungsod this 9th day of October, 2018.

ATTY. OLIVA D. TELEGATOS
Secretary
Sangguniang Panlungsod

ATTESTED:

ANGELITO "DONDON" A. DIMACUHA
Acting Presiding Officer

APPROVED:

BEVERLEY ROSE A. DIMACUHA
City Mayor

Date Approved: October 19, 2018

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BATANGAS CITY

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON OCTOBER 9, 2018 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL

PRESENT:

Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha,	Acting Presiding Officer
Hon. Aileen Grace A. Montalbo,	Councilor
Hon. Glenn M. Aldover,	"
Hon. Sergie Rex M. Atienza,	"
Hon. Hamilton G. Blanco,	"
Hon. Alyssa Renee A. Cruz,	"
Hon. Oliver Z. Macatangay,	"
Hon. Armando C. Lazarte,	"
Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted,	"
Hon. Julian B. Villena,	"
Hon. Gerardo A. Dela Roca,	"
Hon. Nestor E. Dimacuha,	"
Hon. Nelson J. Chavez,	"
Hon. Marjorie A. Manalo,	SK-Fed. Pres.

ABSENT:

Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr., (O.B.)	Presiding Officer

"On motion of Councilor Atienza seconded by Councilor Nestor Dimacuha, the following Resolution was Adopted:

RESOLUTION NO. 329 S. 2018

APPROVING ON SECOND AND FINAL READING AN ORDINANCE AUTHORIZING THE AUGMENTATION OF APPROPRIATIONS IN VARIOUS OFFICES

RESOLVED, to approve on Second and Final Reading "An Ordinance Authorizing the Augmentation of Appropriations in Various Offices" in the City Government of Batangas.

UNANIMOUSLY APPROVED."

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 329 S. 2018 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on October 9, 2018.

ATTY. IVY AUDREY D. TELEGATOS
Board Secretary I
Sangguniang Panlungsod

NOTED:

ATTY. OLIVA D. TELEGATOS
Secretary
Sangguniang Panlungsod

ATTESTED:

ANGELITO "DONDON" A. DIMACUHA
Acting Presiding Officer

ODT/IADT/ystingchuy…

Republic of the Philippines
BATANGAS CITY

Office of the Sangguniang Panlungsod

Tel. No. 723-2175

COMMITTEE REPORT

TO	:	The Honorable City Vice Mayor & Presiding Officer And the Honorable City Councilors
FROM	:	The Committee of theAppropriations
SUBJECTS	:	Augmentation of Appropriation in Various Offices.

ACTION TAKEN ON AUGMENTATION OF APPROPRIATIONS

Referred to the Committee of Appropriations is the above request for augmentation of appropriation in the Office of the City Mayor, Office of the City Market, BJMP and Office of the City Engineer for study, comments and recommendation.

A hearing was conducted on October 4, 2018 attended by the Chairman and members of the committee. Also present were Ms. Elizabeth Q. Delos Reyes from Office of the City Budget, Ms. Sherryl B. Bool from Office of the City Accountant, Engr. Januario B. Godoy from Office of the City Planning and Development, Ms. Carmela H. Atienza from the Office of the City Market, Mr. Aster P. Marasigan from City Treasurers Office and Ms. Eufrosina C. Villena from City Engineers Office.

Finding no legal impediment for the approval of the requested augmentations, the Committee recommends;

(a) the adoption of the Committee Report and

(b) the approval of the attached ordinance for second and final reading.

Respectfully submitted, October 09, 2018.

THE COMMITTEE OF THE APPROPRIATION

COUN. SERGIE REX M. ATIENZA
Chairman
Committee on Appropriations

COUN. ALYSSA RENEE A. CRUZ
Member

COUN. ARMANDO C. LAZARTE
Member

COUN.GERARDO A. DELA ROCA
Member

COUN. JULIAN B. VILLENA
Member

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BATANGAS CITY

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

EXCERPT FROM THE JOURNAL OF THE JOINT COMMITTEE HEARING OF THE COMMITTEE ON APPROPRIATIONS & COMMITTEE ON ENGINEERING AND PUBLIC WORKS WHICH WAS HELD AT THE SESSION HALL ON OCTOBER 04, 2018 AT 10:30 A.M.

PRESENT:

Coun. Sergie Rex M Atienza	Chairman
Coun. Gerardo A. dela Roca	"
Coun. Alyssa Renee A. Cruz	Member
Coun. Armando C. Lazarte	"
Coun. Julian B. Villena	"
VM Emilio F.A. Berberabe, Jr.	Vice Mayor
Coun. Aileen G.A. Montalbo	Councilor
Coun. Glenn M. Aldover	"
Coun. Oliver Z. Macatangay	"
Coun. Karlos Buted	"
Coun. Nestor E. Dimacuha	"
Coun. Nelson Chavez	"
Coun. Marjorie A. Manalo	(SK Pres.)

PARTIES PRESENT:

Engr. Januario B. Godoy	CPDO-CPDC
Ms. Elizabeth delos Reyes	CBO
Ms. Sherryl B. Bool	CAO
Ms. Carmela H. Atienza	City Market Office

x ---------- x

2. Letter from the Honorable City Mayor, Beverley Rose A. Dimacuha requesting for the augmentation of Appropriations in te Office of the City Mayor - Peace & Order Program.

CHAIR/S. ATIENZA: Thank you Mr. Chairman, second item for our committee hearing for today, 1st Indorsement dated sSeptember 25, 2018 forwarded to the Honorable Sangguniang Panlungsod with the same request for augmentation of Appropriations in the

respective Offices from Office of the City Mayor - Peace and Order Program - 10102 and Office of the City Market. So, again... since this is a Joint Committee Hearing I will relinquish the chair to the Chairman of Committee on Engineering.

CHAIR/G. DELA ROCA: Thank you. Anyway, may we call the City Budget, iyon po munang augmentation from Supplies Expenses to Security Services, Ma'am Beth...

MS. E. DELOS REYES: Good morning po, di po sa request for augmentation of the City Mayor under Peace and Order Program from Office Supplies Expense and Other supplies & materials expense totaling P546,000.00. P346,000.00 for from Office Supplies Expense and P200,000.00 po from Other Supplies & Materials Expense, a total of P546,000.00 ay idadagdag po nila sa Security Services in the amount of P546,000.00 dahil iyon pong kanilang pampasweldo sa ating mga guwardiya, sa JO ng DSS ay doon po natin kinukuha sa Peace and Order Program at siya po ay kukulangin hanggang December dahil nagdagdag po tayo para sa ating binuksan na bagong building sa CLB po at may mga nagre-request pa rin daw po na iba't-ibang opisina na ma-gwardyahan, kaya ganito po ang kanilang request.

CHAIR/G. DELA ROCA: So, sila po, ang City Mayor po is now in process of hiring additional Security Personnel?

MS. E. DELOS REYES: Parang hindi pa po sila nagha-hire hanggat hindi pa po ito naaaprubahan ito dahil pinigilan ko po sila. Sinabihan ko po sila na wala pa ngang ipasusweldo, kukulangin, after pa po ng approval nito sila mag-hire. Ay di ginagawan muna po nila ng paraan, medyo nagdo-doble ang shifting po ng iba.

CHAIR/G. DELA ROCA: Thank you, Ma'am Beth. Any concern? Konsehal Boy... your last concern for this matter.

KAGAWAD N. DIMACUHA: Thank you. Isa lang naman po talaga lagi ang aking katanungan at siguro ay we seek the assistance of Department of Budget and Management to solicit their advise na kung maaari ay ma-review

para ma-revise na po itong Local Government Code, kasi ang nangyayari po, napakalinaw po sa Implementing Rules at sa Code na the budget should be, it should be exclusively available for specific purpose. So, ang nangyayari, pag may savings ay puwede mong i-augment sa isang item with the same expense class. Ito ho ang nagiging leeway kaya ho hindi tayo nakakapag-project mismo ng ating taunang gugulin, ano ho. Siguro, kung maipro-project nating lahat ang ating gastusin lalo na at personal services ito ay maiiwasan po natin ang augmentation. Malimit nga hong sinasabi ng aking mga kasamahan na sala nga ho sa batas, tama naman ho sa butas. Ay di lusot, ano ho. Ito ho ang loop hole dito, ay may mga grey areas, o ang iniiwasan naman ho natin dito ay iyong tedious process. Actually, the Sanggunian or this august body are really, lahat ng inyong kahilingan ay pinakikinggan at tinutugunan dangan nga lamang at nakikita ko namang sabihin na nating iyan ay problema o suliranin ay kung papaano mababago ang praktis because we are exercising this practice noon pa, ay para ba ga hong doon na lang tayo dumidepende sa practice na iyan na puwede naman nating in our own ay baguhin ang sistema para sa ikabubuti at ikagaganda ng ating talaan at makita natin mismo ang ginagastos natin taun-taon, ano po. Sabi nga ho, ulitin ko nasala ho sa butas, natama naman ho sa butas kaya tama. So, iyon lamang po. Please convey my manifestation sa DBM na kung maaari ay revisit the provision of the Local Government Code at kung maaari ay i-revise na ho ito eh, 1991 pa din ho ito eh. Bale ay 2018 na ngayon ay ito pa rin and we are still governed by this Code. Salamat po.

CHAIR/G. DELA ROCA: Thank you very much Konsehal Boy.

KAGAWAD N. DIMACUHA: I move for the approval.

CHAIR/G.DELA ROCA: Maganda po ang kanyang observation at sana nga po ay sa susunod natin na mga budget ay maiwasan ang ganito para wala na hong augmentation. Thank you very much, any other concern from thew members of Sanggunian? Ma'am Beth, do you have something to comment on this?

MS. E. DELOS REYES: Gusto ko lamang hong magpasalamat doon sa ating narinig, kay Konsehal Boy

dahil napakaganda ho ng suggestion na iyon at saksi po ang mga department heads na talagang sila ay ini-istriktuhan sa ngaylang augmentation dangan nga lamang ho at hindi nila maiwasan. May time po na halos sila ay sermunan ko na, halos sabihin ko na po ang laging sinasabi ni… pero Konsehal Boy, iyon pong sinasabi ninyo na suggestion na sana ay maiparating sa DBM na talaga naman pong nahihirapan tayo diyan sa RA 7160, naiparating na ho namin pag kami ay nagma-monthly meeting po, ay di lagi pong hanggang sa naipaparating lamang, wala pa po silang naiisagot. Kaya iyon po ay medyo headache din namin at iyan naman po ay kung pagtutulung-tulungan natin ay kayang-kaya nating solusyunan, kaya lamang po, there are times na talagang ang problema natin ay sa Annual Budget, hindi po natin… malaki talaga ang estimated income, nauunawaan din naman po natin ang sitwasyon ng ating Treasurer kaya ako po bilang Budget Officer, doon lang ho ako sa sasabihin ng Treasurer na doon lamang ang kaya ng Finance Committee na ika nga ay pirmahan tungkol doon sa ating Annual Budget kaya poi yang kitang-kita po namin ang kakulangan ng bawat department lalo na po iyong Market, ay talaga pong tipid na tipid na ang bawat department kaya po pag biglang may dumating silang activity na sabihin po natin hindi naman nila akalain na biglang may instruction sa kanila na magkakaroon tayo ng ganitong activity, syempre naman po gagawa talaga sila ng paraan. Kaya ito na po ang pinaka-sukdulang naiisip nilang paraan, isakripisyo ang iba nilang budget kagaya po noong sa Travelling, ay sabi ko nga ay, talagang hindi ka na nga magtra-travel, ay iyon po ang nangyayari. Kaya, maraming salamat po swa inyong mga paala-ala at suggestion at napakaganda po talaga.

CHAIR/G. DELA ROCA: Okay, thank you very much Ma'am Beth. Ang importante lamang po sana dito, the amount of this money that we're talking here is intended po para sa Supplies Expenses, sana naman po ay kung magkakaroon po tayo ng augmentation ay hindi po magsa-suffer iyong mga supplies. Thank you very much.

3. Letter from the Honorable City Mayor, Beverley Rose A. Dimacuha requesting for the augmentation of appropriation in the Office of the City Market

CHAIR/G. DELA ROCA: Punta naman po tayo sa next Item, doon po sa Office of the City Market, may we know from Ma'am Ella na hindi na kayo magtra-travel and instead ay magko-conduct na lang kayo ng mga Trainings Services, Printing and Publication and Other supplies and Materials Expense, pati po iyong Building and Other Structures ay hindi na po ninyo ipapatuloy, wala na po bang natulong mga bubong doon sa ating public market? Ma'am Ella you have the floor.

MS. C. ATIENZA: Magandang umaga po. Maraming salamat po mga Kgg. na myembro ng Sangguniang Panlungsod, sa tin pong Vice Mayor, sa Presiding officer. Hinggil po dito sa request ng Office of the City Market, hinggil dito sa augmentation, pasensya na po at kung hindi nga lamang kailangang-kailangan ay alam ko pong kahit papaano ay na-project namin ngayong taong ito kung ano ang mga gugugulin namin subalit katulad po ng nasabi ng ating Budget Officer, hindi naman po kasi namin akalain na may mga activities na gagawin ang aming Tanggapan ngayong magtatapos ang taon, at saka po may mga kagamitan o sa maintenance po ng ating Pampublikong Pamilihan ay hindi naman po namin akalain na masisira kaagad ito ang mga kagamitan na kailangan naming bilhin para sa, dito sa ipinaa-augment namin. Doon po sa Travelling Expense at saka po doon sa Repair and Maintenance of Other Structures amounting to P690,000.00, nirfe-request po kasi namin na ito ay mapalipat sa Training Expense na nagkakahalaga ng P120,000.00 Gusto ko pong sabihin na para po ito sa more or less One Hundred Market Personnel na magtre-training o iyong tinatawag na Team Building para may matutunan pa ulit kami doon nga po sa Training na iyon. At doon nga po sa Printing and Publication Expense, naglaan po kami ng P250,000.00 kasi tulad nang nabanggit ko kanina, meron pong programa na iprinopose ang inyong lingkod para po sa kasiyahan ng buong taga-Batangas, mga mamimili at para din po sa mga magtitinda ng Pampublikong Pamilihan. Kami po ay ito nga po at dala ko po ang mechanics ng iprinopose ko sa ating

butihing Mayor para po magkaroon ng kaunting kasiyahan sa ating Pampublikong Pamilihan ngayong darating na Disyembre at ngayon po ay sinasamantala ko na rin ang pagkakataong ito kung sakali po na maaprubahan ng Konsehong ito ito pong aming request, meron po kaming programa na inaanu na iyon pong Bumili at may Regalo, Aliw at Diwa ngayong Pasko 2018. so, ito po ay para sa raffle tickets na ipamimigay ng ating mga magtitinda sa darating na kasiyahan na inihahandang programa ng aming tanggapan. So, iyon po iyong pa-raffle para po sa mga magtitinda at para po sa mga mamimili. So, iyon naman pong Other supplies and Materials Expense amounting to P320,000.00 tulad po ng nabanggit ko kanina, hindi rin po namin akalain na ngayong magtatapos ang taon ay marami rin po kaming mga maintenance tulad po ng mga pamimilhin sa Maintenance o sa kalinisan ng atin pong palengke tulad halimbawa ng mga kareta na ginagamit po ng ating magwawalis, lahat po ng pangangailangan nila, ano po… sa maintenance po para po sa kalinisan o sa pagpapaayos sa atin pong palengke. Iyon po lamang. **(CONTINUATION NEXT STENOGRAPHER)**

x---------- x

CERTIFICATION

I hereby certify that the above transcript are true and correct according to my knowledge, understanding and belief.

JOSEPHINE G. DE OCAMPO
Sr. Administrative Assistant I

CERTIFICATION

This is to certify that this copy is the Official Transcript of Record of the Committee Hearing Held On October 4, 2018 10:30 A.M.(Tape 1 & 2) at the Sangguniang Panlungsod Session Hall.

CECILIA D. ATIENZA
Sr. Administrative Assistant I

COUN. G. DELA ROCA: Thank you very much. Concern lang po ako doon sa Repair and Maintenance kasi kapag ako po ay namamalengke ay may mga complaints po ang iba natin kasamahan, iyong mga occupants doon na medyo may mga dapat daw pong i-repair. So, with this augmentation ay sana po ay hindi naapektuhan iyong kanilang mga hinaing at mga request na dapat ay may ma-repair sa parte ng ating old buildings. Konsehal Julie Villena.

COUN. VILLENA: Thank you Mr. chairman. Mam Ella, siguro ay yong mga sinasabi ni Konsehal Gerry na mga hinaing ay yan naman ay madali kung okay na yong new building. Kumusta na nga pala ho iyong new building? Kailan po siya magagamit?

MS. CARMELA ATIENZA: As of now, iyong building mismo ay 100% gawa na siya, kaya lang po ay may kulang pa na tulad ng parking area. Hindi po kasi siya kasama doon sa kontrata ng building. Hindi naman pwedeng magpapasok hanggang lupa pa rin ang paligid.

COUN. VILLENA: Separate ang kontrata ng parking?

MS. C. ATIENZA: Opo.

COUN. VILLENA: Pero ito ga ho ay napondohan na? Ito ga ho ay ipagagawa? Kasi kung kumpleto na ang building at kaya lang hindi magamit ay dahil ng parking ay siguro ay dpaat ayusin ito para maginhawahan naman ang mga magtitinda doon. Baka mamaya ay sira na building, hindi pa nagagamit, sa kaiintay natin doon sa parking, kuya Sonny, pwede kayang e-enlighten kami kung kailan ang parking?

ENGR. GODOY: For the mean time po ay kung ano ang facility na nandoon, ay iyon muna ang i-improve. Pero kung ang hahanapin ay iyong bago at systematic and functional na parking area ay dapat naka-line up sa ating AIP dahil malaki din itong halaga. Sinasabi nga po namin na ipinasok naman natin sa Land Bank yan, katulad din ng CEO building, bakit hindi agad isinama sa plano nila na kailangang may bakod, may landscaping yan, may parking area. Total may pondo na inilaan ang Land Bank, may pera, so ngayon ay kung hindi nakasama yon, maliwanag na building lang ang isinama. So, iyon po ang sitwasyon.

COUN. VILLENA: So, ang ibig sabihin ay ang CEO building ay iyon din laang.

ENGR. GODOY: Sa plano ho ay hindi ko alam kung may ilalagay silang fencing at improvement ng harap.

COUN. DELA ROCA: If I may add to that concern, medyo nakakapag-alaala yon. Kasi ang mga tao, iyong mga occupants at iyong mga namamalengke ay laging nagtatanong na bakit yari na ito ay bakit hindi pa ginagamit, medyo nakakalungkot na ang dahilan ay kulang sa parking. Wala po ba tayong pwedeng pagkuhanan na pondo? Kasi as part of this building, tama po kayo, dapat ay kasama iyong mga utilities doon.Siguro ay dapat iyong gawin para lamang po magamit ang building. Kasi ang mangyayari diyan ay laging ang pula ng mga tao ay nasa city government sapagkat hindi ipinagagamit samantalang yari na. I presume that the budget for this came from a loan. So, it will take a lot of explaining sa mga tao. Baka pwedeng makagawa tayo ng paraan just for temporary parking area.

ENGR. GODOY: Well noted po iyong inyong suggestions. Pag-uusapan po ng concerned agencies kung ano ang pwedeng magawang pansamantala. Tama po iyong inyong comment na ang mga tao ay nag-e-expect na mamalengke sa atin kung walang parking. Noted po yon.

COUN. VILLENA: Mam Ella, baka pwedeng makipag-coordinate kayo sa ating Engineering Office kasi mukhang hindi naman yata putik ang palibot, parang may parteng konkreto. Baka naman kung halimbawang linisin siya, ay baka temporary magamit iyong lugar as parking area para ma-operate iyong bagong building. Kasi talagang inaasahan ng mga tao yan. Kaya tingnan natin at pagtulung-tulungan na lang para magamit. Thank you.

COUN. DELA ROCA: Siguro po ay dapat makipag-usap tayo sa mga winning contractors baka pwedeng makapag-donate sila na ilang truck na graba. Importante po ito at siguro naman, as part of their corporate social responsibility ng mga contractors maybe they can donate aggregates na pwedeng gamitin doon. I presume na kahit papaano ay sila naman ay kumita doon sa pinanalunan nilang projects. Councilor Boy.

COUN. N. DIMACUHA: Sino ho ang in-charge na agency in doing the feasibility studies and the planning? I raise that question considering the observations of the members of Sangguniang Panlungsod. You see, na-erect ang building pero ang site ay hindi na-improve.

So, pag sinabing natapos si gusali, maraming factors ang dapat kinonsider dahil paano pag umulan, saan pupunta ang rain water? So, hindi pa rin nade-develop ang site. Walang drainage system. Anong nangyari sa atin doon. Parang nakalutang tayo diyan. Parang bahay ng badjao na nasa ilalim ng tubig. Forgive my statement but I think there are lapses on the part of the implementing agencies and the agencies who are doing the planning. I think they should go back to their table and do some research work. Sana ay hindi lang guguhit at gagawin ang details, whatsoever. Dapat laging mauuna ang site development. Tulad niyan, ang daming burara diyan, magtatambak ng basura diyan. Paano ang gagawin natin don? Hindi naman natin maituro kung sino. Nag-provide baga po ng security o CCTV doon para malaman natin if the crimes are prevalent in the area.

Gusto ko ding bigyan ng pansin ang sinabi ni City Market Administrator tungkol doon sa mga equipments and tools na gagamitin ng street sweepers. Dapat talaga meron, pero bigyan din natin ng atensyon ang kalusugan ng mga street sweepers kasi ang dinadampot nila ay basura. Pag sinabing basura that is unhygienic, madumi. So, these people are vulnerable at pwede silang magkasakit diyan. So, why not include the procurement of some personal protective equipment, like gloves, masks, eyeglasses, rain boots or safety shoes. Tingnan ninyo dinadampot ang basura with bare hands, pagkatapos ay kakain. Kayo naman ay nakakapunta sa ibang bansa, pero tingnan ninyo ang street sweeper ay naka-PPE dahil ang concern ng government ay iyong health ng empleyado nila. Ay bakit hindi natin magawa dito? I am not scolding anybody here but I am calling the attention of all the members specially kayong mga nasa Finance Committee na i-consider ninyo ang health ng ating mga empleyado. Bigyan natin ito ng pansin, Health is Wealth ang sabi nga ni Dr. Jun. Gusto ko healthy kayo. Pag nagkaroon kayo niyan, lahat ay yayaman at magiging progreso ang ating lungsod. Salamat po.

COUN. DELA ROCA: Salamat konsehal Boy. Councilor Buted.

COUN. BUTED: Before I comment, I would like to greet everyone, good morning po sa lahat n gating mga visitors.

I fully subscribed to the opinions and suggestions and recommendations of our Councilors. Dagdag na lang po at gusto kong ipaabot sa ating Committee, we are all aware and it is clear to the Batanguenos and to the officials of the city government that the new city market came from loan agreement. Sana po, Mr. Chair after this committee hearing ay magkaroon ng talagang aksyon from agencies concerned na involved doon sa ating city market especially to the implementing body.

Tanong ko po, meron po ba sa ating city market na one or two personnel na nagbabantay sa area, since na yon ay pinangakuan ng city government na magkakaroon ng city market na magagamit ng taong bayan na sa ngayon po ay sinasabi ni Mam Ella na gawa kaya lang ay hindi magamit dahil walang parking. Concern lang po kami, dahil baka sa inip o galit ng taong bayan at kahit hindi taga dito sa Batangas City ay baka ma-sabotage ang ating city market kung walang magbabantay. Napakadali po, magbato lamang ng bato o pwedeng hagisan ng Granada, iyan po ay pwedeng mangyari. Given nga po na ito ay utang sa Land Bank at hindi pa nababayaran ng city government, for contingency plan po Mr. Chair. Concern lang po tayo sa mga bagay na yan at siguro po ay maganda rin ang installation ng CCTV doon sa lugar. Thank you Mr. Chair.

COUN. VILLENA: Any comment from the Body?

COUN. DELA ROCA: Councilor Mando Lazarte.

COUN. LAZARTE: Naalaala ko lang iyong sinabi ni Mr. Chairman, na marami naman tayong contractors na willing mag-donate, pero may alam ako na napakabait na contractor, itong BCon, mabait po iyong si Brgy. Capt. Mike Macalalad. Maasahan po natin yan.

COUN. DELA ROCA: Ito po ang mga bagay na dapat nating bigyang pansin, iyang bagong gusali ng pamilihan. At kung ang problema ay ito lamang parking area ay meron naman yatang assigned parking area for that ay kahit temporary at siguro nga ay pwede mahingan ng tig-iisang truck ng aggregates. Ang tinutukoy ko po ay an gating malalaking city government contractors natin na kilala naman natin sila, baka pwedent mag-donate.

COUN. N. DIMACUHA: Wala namang masama sa mga kahilingan pero gusto ko lang ipaalaala sa inyo na there are two laws, na bar ang government pagdating sa ganyan, one is Anti Graft and Corrupt Practices and RA 6713 on Code of Ethical and Standards for Government Employees who would facilitate such request. Thank you.

COUN. DELA ROCA: Kahit ako na po ang magsasabi at huwag na sila. Kung wala nang comments tinatapos na po natin ang committee hearing. Thank you very much po sa inyong pagdating. We request Kuya Sonny na ma-stay muna at kasali pa sa susunod na topic. Salamat po.

CERTIFICATION

I hereby certify that the foregoing transcript is true and correct to the best of my own personal knowledge, belief and understanding.

CECILIA D. ATIENZA
Senior Administrative Asst. 1

FIFTH AGENDA: LETTER FROM THE HONORABLE CITY MAYOR, BEVERLY ROSE A. DIMACUHA REQUESTING FOR THE AUGMENTATION OF APPROPRIATION IN THE OFFICE OF CITY ENGINEER

Chair: Our next topic is the Office of the City Engineer with the second endorsement dated September 25, 2018, since we don't have yet our BJMP here we will proceed to the Office of the City Engineer. Okay, I would like to acknowledge with regards to this matter in addition to those presents earlier ma'am Eufrosina Villena from our City Engineers Office, you have the floor ma'am to explain this augmentation, you can give us update.

Mrs. Eufrosina Villena: Mrs. Eufrosina Villena of City Engineers Office, Supervising Admin Officer. Nagrequest po kami ng augmentation kasi po yung aming printing ay wala na po kaming pera para doon syempre marami pang aim, mga plans na for bidding mga program of works pati. So, kailangan namin ang budget para sa printing kaya po kami nag-request ng augmentation. At saka po sa other supplies po para sa maintenance division para po sa mga aming ginagamit sa pagre-repair ng mga offices ng mga canals, paglilinis ng mag canals so, kailangan po namin yun. Syempre yung mga materyales po ay naluluma, nasisira so, kailangan po ng bago, yun lamang po.

Chair: Any question? Tita Beth, can we procedure with this augmentation if there will be no budgetary or any auditing or any procedure that may violated.

Mrs. Elizabeth Q. Delos Reyes: Dito po sa nabanggit na augmention ay nire-recommend ko po yung favorable action dahil wala naman po tayong iba-violate no budgetary impediment at ito po ay na-verify na sa aming opisina kung

tama itong kanilang pinagkunan kung talagang may pera dito at doon nga po sa kanilang paglalagyan ay kung talagang sila ay kukulangin, kaya yun po.

Chair: So, this is allowable po?

Mrs. Elizabeth Q. Delos Reyes: Allowable.

Chair: Thank you po, marami pong salamat so, again kung wala na pong katanungan we will be asking the members of the Sanggunian to endorse this and to approve this on our plenary session.

X----------X

SIXTH AGENDA: LETTER FROM THE HONORABLE CITY MAYOR, BEVERLY ROSE A. DIMACUHA REQUESTING FOR THE AUGMENTATION OF APPROPRIATION IN THE OFFICE OF CITY MAYOR-BJMP

Chair: Sa atin pong BJMP with regards to the augmentation from the Office of the city Mayor-BJMP to certain items here, 3 items. So, I believe tita Beth, I think kung male-late po ang ating representative from BJMP but I believe our city budget is due capable to represent the Office of the City Mayor with regards to this matter and likewise our ma'am Aster from our City Treasurer, you have the floor ma'am.

Mrs. Elizabeth Q. Delos Reyes: Good afternoon po uli sa ating lahat, ito nga pong ating pagtatalakay sa Augmentation from the Office of the City Mayor- BJMP doon po sa kanilang pangangailangan sa other supplies expenses Three Hundred Thousand (300,000), fuel, oils and lubricants One Hundred Thousand (100,000), repair maintenance transportation, equipment One Hundred Thousand (100,000) a total of Five Hundred Thousand (500,000) ay doon po nila kukunina ng pondo sa food supplies expenses at ito po ay… kung dumating sana yung representative ay mai-ipaliwanag nila in details pero sa abot po ng aking kaalaman ay ito nga daw po ay sapat na yung kanilang supply doon ng parang bigas ang usually nalang na nag a-under dito sa food supplies expenses, kaya nung makita nila na sapat na hanggang December ay ipinasya po na ito na ang pagkunan ng kanilang ibang pangangailangan kagaya nga po fuel para dun sa kanilang sasakyan at repair din ng sasakyan at iba pa po nilang pangangailangan na dapat bilihin na hindi rice kundi daw pong… itong other supplies

ay parang itong other supplies ay kung bibili ng mga bottled water pwede din po doon at ang iba pa pong pangangailangan po doon hindi ko lang po alam pa bukod sa bottled water ang iba na detalye noong kanilang pangangailangan under other supplies expenses. Pero ang mai-igarantiya ko po sa inyong lahat ay ito pong amount na ito ay talaga pong pwede nga gamitin at sapat po, yu-ong parang siya ay hindi naman magsi-zero (0) may kaunti pa pong balance para dun sa food supplies expenses at nakita rin po namin doon sa aming record sa opisina na kulang talaga napakaliit po ng existing nila. Kaya po yun po ang msasabi ko na no legal impediment po ang pag o-augment nila ng pondo para dito sa kanilang padadalahan, maraming salamat po.

Chair: Okay po, thank you tita Beth, any question po? Kung wala na po ay asahan po ninyo na ma-endorse po itosa ating plenary sa next session this coming Tuesday. Kung wala na po we will adjourn this committee hearing at muli po maraming salamat po sa inyong pagdalo ngayong hapong ito, tita Beth, ma'am Aster, this committee hearing is now adjourned.

HEARING ADJOURNMENT 12:32PM

X----------X

C E R T I F I C A T I O N

I hereby certify that the foregoing transcript is true and correct according to my understanding, knowledge and belief.

FILIPINA M. GARCIA
ADMIN. ASST. V

C E R T I F I C A T I O N

This is to certify that this copy is the official transcript of record of Committee Hearing, held on October 4, 2018 at Sanggunian Session hall.

CECILIA D. ATIENZA
SENIOR ADMIN. ASST.I